Pebrero 14, 2025 Kautusang Tagapagpaganap 2025-01

KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP 2025-01
KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP UPANG MULING AYUSIN ANG DEPARTMENT OF HUMAN SERVICES AT PAGSAMAHIN ANG MGA DIBISYON NG MENTAL HEALTH AT SUBSTANCE USE PREVENTION AND RECOVERY, NA LUMILIKHA NG BAGONG DIVISION OF BEHAVIORAL HEALTH AND RECOVERY

SAPAGKAT, ang Artikulo V, Seksyon 11 ng Saligang Batas ng Illinois ay nagpapahintulot sa Gobernador na muling italaga ang mga tungkulin o muling ayusin ang mga ahensya ng ehekutibo na direktang nag-uulat sa kanya sa pamamagitan ng kautusang tagapagpaganap;

SAPAGKAT, ang Seksyon 3.2 ng Executive Reorganization Implementation Act, 15 ILCS 15/3.2, ay nagtatakda na kabilang sa "Muling Pagsasaayos" ang 'pagsasama-sama o koordinasyon ng anumang bahagi ng anumang ahensya o mga tungkulin nito sa anumang ibang bahagi ng parehong ahensya o mga tungkulin nito;'

SAPAGKAT, ang Division of Mental Health (DMH) ng Department of Human Services (Kagawaran) at ang Division of Substance Use Prevention and Recovery (SUPR) ng Kagawaran ay mga dibisyon sa loob ng isang ahensya ng ehekutibo na direktang nag-uulat sa Gobernador at ginagampanan ang mga karapatan, kapangyarihan, tungkulin, at responsibilidad na nagmula sa 20 ILCS 1305 *et seq.*;

SAPAGKAT, mayroong malaking pagkakatulad sa mga taong pinaglilingkuran ng DMH at SUPR, dahil isa sa apat na indibidwal na may malubhang sakit sa pag-iisip ay mayroon ding karamdaman sa paggamit ng droga *[substance use disorder]*, halos 50 porsyento ng inpatient na mga pasyenteng may karamdaman sa paggamit ng droga ay may kasabay na karamdaman sa saykayatriko, at humigit-kumulang 32 porsyento ng inpatient na mga pasyente sa saykayatriko ay may kasabay na karamdaman sa paggamit ng droga;

SAPAGKAT, maraming mga tagapagbigay ng serbisyo sa Illinois ang nagsisilbi sa mga konsyumer ng DMH at ng SUPR, na may 61 mga sentro sa komunidad ng kalusugang pangkaisipan na lisensyado din na magbigay ng mga serbisyo sa karamdaman sa paggamit ng droga, at 17 ay mayroong mga gawad sa parehong kasalukuyang mga Dibisyon;

SAPAGKAT, ang paggaling mula sa mga karamdaman sa paggamit ng droga at mga sakit sa pag-iisip, na tinukoy bilang isang proseso ng pagbabago kung saan pinapabuti ng mga indibidwal ang kanilang kalusugan at kagalingan, sila ay namumuhay ng may sariling kontrol sa buhay, at nagsusumikap na maabot ang kanilang buong potensyal, ay isang pangunahing layunin para sa pangangalaga sa kalusugan ng pag-uugali at makikinabang mula sa mas malawak na pagkakaroon ng pinagsamang mga serbisyo sa paggamit ng droga at kalusugang pangkaisipan;

SAPAGKAT, ang pagsasanib ng DMH at SUPR ay pakikinabangan ang kadalubhasaan ng mga kawani mula sa parehong mga Dibisyon, mapapabuti ang pagkakaroon ng akses at kakayahang managot, mapapabuti ang mga resulta para sa mga taga-Illinois na may parehong mga sakit sa pag-iisip at mga karamdaman sa paggamit ng droga, mababawasan ang administratibong pasanin

sa mga provider, at mapapahusay ang paggagamot sa karamdaman sa paggamit ng droga sa mga Ospital na Pang-saykayatriko na Pinapatakbo ng Estado, bukod sa iba pang mga pagpapabuti;

SAPAGKAT, para sa mga nabanggit na dahilan, angkop at pinakakapaki-pakinabang na pagsamahin ang DMH at SUPR sa isang bagong pinagsanib na dibisyon;

SAPAGKAT, kasunod ng pagsasanib ng DMH at SUPR, ang mga inisyatibo at programa ng parehong ahensya ay pananatilihin at pangangalagaan; at

SAPAGKAT, ang pagsasanib ng DMH at SUPR ay magpapahusay sa akses sa pangangalaga para sa mga konsyumer at pasyente, gagawing simple ang mga proseso, palalakasin ang lakas-manggagawa, at magbibigay-daan sa mga kawani na maging mas makatutugon sa mga pangangailangan ng mga residente ng Illinois.

NGAYON, SAMAKATUWID, ako, si JB Pritzker, Gobernador ng Estado ng Illinois, alinsunod sa kapangyarihang tagapagpaganap na ipinagkaloob sa akin ng Artikulo V, Seksyon 11 ng Saligang Batas ng Illinois, sa pamamagitan nito ay nag-aatas ng sumusunod:

I. PAGSASAMA-SAMA NG MGA TUNGKULIN

Simula Hulyo 1, 2025, o sa lalong madaling panahon pagkatapos nito hangga't maaari, ang mga kapangyarihan, tungkulin, karapatan, at responsibilidad na may kaugnayan sa DMH at SUPR ay pagsasama-samahin sa iisang entidad na tinatawag na Division of Behavioral Health and Recovery sa loob ng Department of Human Services. Ang mga kapangyarihang kaloob ng batas, mga tungkulin, karapatan, at responsibilidad ng DMH at SUPR ay nagmumula sa mga sumusunod at sa lahat ng iba pang nauugnay na batas, pati na rin ang mga regulasyong ipinahayag sa ilalim nito, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:

a. Substance Use Disorder Act, 20 ILCS 301 *et seq.*;
b. Civil Administrative Code ng Illinois (Department of Human Services (Alcoholism and Substance Abuse) Law) 20 ILCS 310 *et seq.*;
c. Department of Human Services Act, 20 ILCS 1305 *et seq.*;
d. Mental Health and Developmental Disabilities Administrative Act, 20 ILCS 1705 *et seq.*;
e. Civil Administrative Code ng Illinois (Department of Human Services (Mental Health and Developmental Disabilities) Law) 20 ILCS 1710 *et seq.*;
f. Illinois Public Aid Code, 305 ILCS 5 *et seq.*;
g. Mental Health and Developmental Disabilities Code, 405 ILCS 5 *et seq.*;
h. Illinois Vehicle Code, 625 ILCS 5 *et seq.*;
i. Sexually Violent Persons Commitment Act, 725 ILCS 207 *et seq.*;
j. Mental Health and Developmental Disabilities Confidentiality Act, 740 ILCS 110 *et seq.*;
k. Unified Code of Corrections, 730 ILCS 5 *et seq.*;
l. Code of Criminal Procedure ng 1963, 725 ILCS 5 *et seq.*; at
m. Illinois Controlled Substances Act, 720 ILCS 570 *et seq.*

II. EPEKTO NG PAGSASANIB

a. Ang mga kapangyarihan, tungkulin, karapatan, at responsibilidad na ipinagkaloob sa DMH at SUPR ay pagsasama-samahin at ipagkakaloob sa bagong Division of Behavioral Health and Recovery. Ang bawat pagkilos na ginawa sa paggamit ng gayong mga kapangyarihan, tungkulin, karapatan, at responsibilidad ng Division of Behavioral Health and Recovery ay magkakaroon ng parehong legal na epekto na parang ginawa ng DMH o SUPR.

b. Ang mga empleyado ng DMH at SUPR ay ililipat at pagsasama-samahin sa bagong Division of Behavioral Health and Recovery. Ang katayuan at mga karapatan ng mga empleyado ng DMH at SUPR sa ilalim ng Personnel Code ay hindi maaapektuhan ng pagsasanib.

c. Ang lahat ng mga libro, talaan, papeles, dokumento, ari-arian (real at personal), kontrata, at nakabinbing negosyo na nauukol sa mga kapangyarihan, tungkulin,

karapatan, at responsibilidad na may kaugnayan sa DMH at SUPR at pinagsama-sama ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, kabilang ngunit hindi limitado sa materyal na nasa elektroniko o magnetikong format at kinakailangang computer hardware at software, ay ibibigay sa bagong Division of Behavioral Health and Recovery.

d. Ang anumang mga patakaran, regulasyon, obligasyon, at iba pang aksyon ng DMH o SUPR ay ililipat at magpapatuloy bilang mga patakaran, regulasyon, obligasyon, at aksyon ng Division of Behavioral Health and Recovery. Babaguhin ng Department of Human Services ang anumang mga patakaran, regulasyon, obligasyon, o iba pang aksyon, kung kinakailangan, upang maisagawa ang muling pag-aayos.

e. Walang mga obligasyon na nagmumula sa anumang sibil o kriminal na parusa na dating ipinataw ang apektado ng Kautusang Tagapagpaganap na ito. Ang bawat tao o entidad ay sasailalim sa parehong mga obligasyon at tungkulin at anumang mga parusa, sibil o kriminal, na magmumula roon, at magkakaroon ng parehong mga karapatan na nagmumula sa paggamit ng mga naturang kapangyarihan, tungkulin, karapatan, at responsibilidad na gaya ng isinagawa ng DMH o SUPR o ng mga opisyal o empleyado nito.

f. Sa tuwing ang mga ulat o abiso ay kailangan na ngayong gawin o ibigay o mga papeles o dokumento na ibinigay o inihain ng sinumang tao sa DMH o SUPR kaugnay ng alinman sa kanilang mga tungkulin na pinagsama-sama ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, ganoon din ang gagawin, ibibigay, o ihahain sa parehong paraan sa bagong Division of Behavioral Health and Recovery.

g. Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi makakaapekto sa anumang gawaing ginawa, niratipikahan, o kinansela o anumang karapatang nagaganap o itinatag o anumang aksyon o paglilitis na ginawa o sinimulan sa isang administratibo, sibil, o kriminal na dahilan hinggil sa DMH o SUPR bago magkabisa ang Kautusang Tagapagpaganap na ito; ang mga naturang aksyon o paglilitis ay maaaring ipagtanggol, usigin, at ipagpatuloy ng Division of Behavioral Health and Recovery.

III. PANGLIGTAS NA SUGNAY

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay hindi sumasalungat at hindi ipapakahulugan na sumasalungat sa anumang mga kontrata, kasunduan, o mga collective bargaining agreement.

IV. MGA NAUNANG KAUTUSANG TAGAPAGPAGANAP

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay humahalili sa anumang salungat na probisyon ng anumang iba pang naunang Kautusang Tagapagpaganap.

V. PAGHIHIWALAY

Kung ang anumang probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito o ang aplikasyon nito sa sinumang tao o kalagayan ay itituring na hindi balido ng anumang hukuman na may karampatang hurisdiksyon, ang pagiging hindi balido na ito ay hindi nakakaapekto sa iba pang probisyon o aplikasyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito, na maaaring mabigyan ng bisa nang wala ang hindi balidong probisyon o aplikasyon. Upang makamit ang layuning ito, ang mga probisyon ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay idineklara na maaaring ihiwalay.

VI. PAGHAHAIN AT PAGHAHATID

Ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay ihahain sa Kalihim ng Estado. Ang isang kopya ng Kautusang Tagapagpaganap na ito ay ihahatid sa Kalihim ng Senado at sa Klerk ng Kapulungan ng mga Kinatawan at, para sa layunin ng paghahanda ng batas na nagrerebisa, sa Legislative Reference Bureau.

VII. PETSA NG PAGKABISA

Sa kondisyon na walang pagtutol ang alinmang kapulungan ng General Assembly sa Kautusang Tagapagpaganap na ito sa pamamagitan ng rekord na boto ng nakararami sa mga miyembrong nahalal, ang Kautusang Tagapagpaganap na ito ay magkakabisa 60 araw pagkatapos ng paghahatid nito sa General Assembly.

_____

JB Pritzker Gobernador

Inilabas ng Gobernador: Pebrero 14, 2025
Inihain sa Kalihim ng Estado: Pebrero 14, 2025